

Palò ni Aby Marañó: Filipino ako, Filipino ang wika ko, Filipinas ang bayan ko



Ipinakikilala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ngayong Oktubre ang pinakabagong personalidad nito para sa wika at kulturang Filipino, ang atletang si Abigail “Aby” P. Marañó.

Isa si Marañó sa pinakamahusay na manlalaro ng volleyball sa University Athletic Association of the Philippines (UAAP). Naging kasapi siya ng DLSU Lady Spikers na namayagpag sa UAAP mula 2011 hanggang 2013. Siya ay kinilala bilang Most Valuable Player (MVP) ng UAAP noong Season 74 at 75.

Sa kasalukuyan, naglalaro si Marañó sa mga propesyonal na liga gaya ng Shakey’s V-League at Philippine Super Liga (PSL). Kinatawan niya rin ang Filipinas sa katatapos na ika-28 SEA Games nitong 2015.

Dagdag pa, si Marañó ay isang Filipino major at nagtapos ng AB Philippine Studies major in Filipino in Mass Media. Sa nabanggit na poster, sinasabi ni Marañó na “Filipino ako, Filipino ang wika ko, at Filipinas ang bayan ko.” Sa nasabing poster, sinabi ni Lourd na “Filipino ako, Filipino ang wika ko, at Filipinas ang bayan ko.” Kasama sa poster ang mga retratong sumasagisag sa mga halagahang Filipino na *marangal*, *malikhain*, at *mapagbago*.

Bahagi ito sa kampanya ng KWF na kilalanin ang mga personalidad na nagsisilbing ehemplo sa mahusay at epektibong paggamit ng Filipino sa kanilang larang. Nauna nang naging modelo ng KWF sina Gob. Vilma Santos-Recto, Francis N.

Tolentino ng MMDA, ang mang-aawit at kompositor na si Noel Cabangon, at ang mang-aawit at peryodistang si Lourd De Veyra.

Wika ni Lourd: Filipino ako, Filipino ang wika ko, Filipinas ang bayan ko

Ilalabas ngayong Setyembre ang pinakabagong poster ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tampok ang tanyag na manunulat, mang-aawit, at peryodista na si Lourd De Veyra.

Nakilala si De Veyra bílang bokalista ng bandang *Radioactive Sago Project*. Isa siyang premyadong manunulat na ilang ulit nang nagwagi sa Gawad Palanca. Nakapaglimbag na siya ng tatlong aklat ng tula, isang nobela, at dalawang koleksiyon ng sanaysay.

Bukod sa musika at pagsulat, isa sa mga aktibo at dinamikong tinig si De Veyra sa midya. Nagsisilbing siyang host ng ilang programa sa radyo at telebisyon gaya ng *Word of the Lourd*, *Wasak*, *History: Tsismis Noon*, *Kasaysayan Ngayon*, at *Kontrabando*.

Sa nabanggit na poster, sinasabi ni Lourd na “Filipino ako, Filipino ang wika ko, at Filipinas ang bayan ko.” Kasama sa poster ang mga retratong sumasagisag sa mga halagahang Filipino na *marangal*, *malikhain*, at *mapagbago*.

Bahagi ito sa kampanya ng KWF na kilalanin ang mga personalidad na nagsisilbing ehemplo sa mahusay at epektibong paggamit ng Filipino sa kanilang larang. Nauna nang naging

modelo ng KWF sina Gob. Vilma Santos-Recto, Francis N. Tolentino ng MMDA, at ang mang-aawit at kompositor na si Noel Cabangon.